
# Kahanga-hanga si Zeny



Kwento mula sa
MTB-MLE Unang Baitang

Iginuhit at isinaayos ni:
Oliveth O. Bruno
Maligaya E/S Tarlac City




Namasyal ang mag-anak nina Mang Zoro at Aling Zara kasama ang kanilang mga anak na sina Zeny at Zel.

Miss Oli





Namili sila ng mga bagong damit at sapatos para sa pagpasok nila sa paaralan.

Miss Oli




Kumain sila ng masasarap na pagkain.

Miss Oli



Isinuot ni Zeny ang paborito niyang laso. Kulay lila ito. Isinuot naman ni Zel ang kanyang relo na bigay ng lolo niya. Tuwang-tuwa ang dalawang bata sa kanilang pamamasyal.

Miss Oli



Napansin ni Zeny ang isang batang pulubi habang naglalakad sila. Nakaupo ito sa tabi ng lumang silya.



Naawa si Zeny at binigyan niya ito ng binili niyang tinapay. Nagpasalamat ang batang pulubi kay Zeny.

Miss Oli



Nakita ni Aling Zara at Mang Zoro ang ginawa ni Zeny. Napangiti ang mag-asawa sabay na sinabi,"Kay buti mo, Zeny". Umuwi silang may ngiti sa labi habang nakatingin si Zeny sa batang pulubi.